Canadian HIV/AIDS Legal Network | Réseau juridique canadien VIH/sida

## Nabubuhay nang may HIV: Alamin ang Iyong mga Karapatan

# PAGSISIWALAT BILANG ISANG PASYENTE

## Mga Tanong at Sagot

### 1. May obligasyon ba akong isiwalat ang aking katayuang positibo sa HIV sa mga propesyonal sa health-care?

Sa kasalukuyan, walang batas na nag-oobliga o case law na nag-oobliga sa mga pasyenteng sabihin sa kanilang doktor, nurse, dentista, surgeon, paramedic o iba pang propesyonal sa health care na positibo sila sa HIV. Ang ibig sabihin nito ay nasa sa iyo kung magpasya kang isiwalat o hindi sa iyong doktor (o iba pang propesyonal sa health-care)ang iyong katayuan sa HIV. Ang iyong impormasyon sa personal na kalusugan, kasama na ang iyong HIV status, ay isang pribado at personal na impormasyon. Mga medical provider — alam man nila o hindi ang katayuan sa HIV ng kanilang pasyente o hindi — ay dapat gumamit ng naisapamantayang mga pag-iingat upang maiwasan ang pagkalantad sa mga impeksyong nagbubuhat sa dugo sa lahat ng sitwasyon.

Bagama't sa ilalim ng batas ng krimen sa Canada ay may legal na tungkuling magsabi bago ang ilang partikular na sekswal na aktibidad sa panahong isinusulat ito, walang legal na pangangatuwiran ang nailapat, kung isasaalang-alang ang probisyon ng pangkalusugang pangangalaga.

Ngunit, hindi ibig sabihin ng kawalan ng *legal* na obligasyong magsiwalat ay dapat mong itago ang iyong katayuan mula sa mga health care provider. Ang pagsasabi sa iyong doktor tungkol sa iyong katayuang positibo sa HIV, kahit pa ang doktor ay hindi ang iyong pangunahing doktor na nangangalaga sa iyo, madalas ay mahalaga upang matanggap ang pinakamahusay na pangangalaga na posible. Halimbawa, ang ilang problemang dental ay maaaring hudyat ng impeksyon. Kung hindi alam ng dentista ang iyong katayuang positibo sa HIV, baka hindi ka makatulong sa iyo ang impormasyong ito. Sa ibang sitwasyon, ang pagsisiwalat sa iyong katayuan ay makakatulong rin sa iyong makaiwas sa hindi inaasahang interaksyon ng mga gamot.

### 2. Kailangan ko bang isiwalat ang aking katayuan kung ang isang propesyonal sa health-care o isang paramedic ay aksidenteng nalantad sa aking dugo o iba pang body fluid?

Sa mga bihirang pagkakataon kung kailan ang isang health professional ay aksidenteng nalantad sa dugo o iba pang body fluid, (hal., mula sa pagkatusok sa karayom), ang taong nalantad ay dapat komonsulta sa doktor at humingi ng posibleng paggagamot. Ang isyu

kung maaaring ikaw ay may *lega* na pananagutang isiwalat ang iyong katayuan sa mga ganitong sitwasyon ay hind pa natutugunan ng korte. Bagaman hindi maibubukod ang posibilidad ng pagkakaroon ng kriminal na paglilitis o mga kasong sibil, lalo na kung magkaroon ng panghahawa, malamang na hindi maganap ang mga ganito dahil sa pagkabihira ng pagpapasa ng mga sakit dahil sa trabaho (ibig sabihin, ang maimpeksyon ng HIV sa trabaho) sa Canada.

Batay sa nakagawian, kung ang isang propsyonal sa health-care ay malantad sa iyong dugo o iba pang body fulid, malalamang tatanungin ka tungkol sa iyong katayuan sa HIV o *kusang* magpapasuri (karaniwang para sa HIV, hepatitis B at C). Kahit na *maaaring hindi* ka magkaroon ng legal na obligaasyong isiwalat ang iyong katayuan sa sitwasyong ito, maaari mong piliing gawin ito dahil ito ay makakatulong sa medikal na pagtatasa ng health professional at sa pagpapasyang kumuha ng paggagamot na post-exposure prophylaxis (PEP) upang mabawasan ang posibilidad na maimpeksyon ng HIV. Ang PEP ay isang anti-HIV na gamot na dapat simulan sa lalong madaling panahon, ngunit nang hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos ng posibleng pagkakalantad sa HIV, upang mapigilan ang impeksyon. Kung hindi nalalaman ang katayan sa HIV ng pasyente, maaaring hindi irekomenda ang PEP sa kasong pagkakalantad dahil sa trabaho maliban kung pinaniniwalaan na malaki ang posibilidad na positibo sa HIV ang pasyente (hal., kabilang sa pangkat na malaki ang panganib). Kung irerekomenda man ang PEP o hindi, ay magdedepende rin sa uri ng pagkakalantad at ang mga kaugnay na panganib ng pagpapasa.

Sa ilang probinsya sa Canada, maaari kang *piliting* magpasuri kung mayroong nalantad sa mga body fluid mo habang sumasailalim sa ilang uri ng trabaho at ikaw ay tumangging kusang magpasuri o isiwalat ang iyong status. Ang mandatoryong pagsusuri ay kasalukuyang umiiral sa B.C., Saskatchewan, Ontario, Alberta, Nova Scotia at Manitoba. Sa ilalim ng mga batas na ito, ang mga taong gaya ng mga pulis, bumbero, paramedic o mga nurse — depende sa naaangkop na batas — ay maaaring mag-apply para sa isang court order upang mapilit ang isang taong magpasuri para sa mga impeksyon pagkatapos ng isang insidenteng pagkakalantad sa trabaho. Kapag pinayagan ng korte ang order, sasabihin sa nalantad na propesyonal at/o sa kanilang doktor ang mga resulta ng pagsusuri sa iyo. Ang mandatoryong pagpapsuri sa konteksto ng pagkakalantad sa trabaho ay labis na binabatikos dahil sa pagiging labag sa moralidad, kontra sa karapatang pantao at hindi mabisa. Kung ikaw ay sentro ng isang court order para sa puwersahang pagpapasuri, dapat mong isaalang-alang ang pagkuha ng isang abogado.

### 3. Maaari ba akong tanggihan ng mga propesyonal sa health-care dahil ako ay positibo sa HIV?

Ipinagbabawal ng batas sa karapatang-pantao ang diskriminasyon batay sa kapansanan kapag naghahatid ng serbisyo, kabilang ang mga serbisyo sa health-care. Ang HIV at AIDS ay itinuturing na mga kapansanan sa ilalim ng batas. Ang ibig sabihin nito ay hindi maaaring tumanggi ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na suriin o gamutin ka dahil sa iyong status na positibo sa HIV. Ngunit, kapag ini-refer ka ng isang doktor sa ibang propesyonal sa kalusugan na eksperto sa HIV care, hindi ito maaaring

ituring na diskriminasyon. (Tumingin sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa legal na lunas sakaling may diskriminasyon).

Makakatagpo ka ng maraming iba-ibang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa buong buhay mo. Kung nag-aalala ka tungkol sa pagsisiwalat sa iyong status sa iyong doktor, dentista o iba pang practitioner, tumawag sa iyong lokal na organisasyong naghahatid-serbisyo sa AIDS. Maaari ka nilang mai-refer sa mga propesyonal na nakakaalam tungkol sa at komportable sa HIV.

### 4. Maaari ba akong hablahan ng kaso dahil nagsinungaling ako sa isang medikal na form tungkol sa aking status na positibo sa HIV?

Maaari kang tanungin ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ng mga tanong na may-kaugnayan sa pangangalga sa iyo. Ito ang dahilan kung bakit maaari kang papunan ng form at pabigyan ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan kapag bibisita sa isang doktor o dentista sa unang pagkakataon. Ngunit, wala kang obligasyong magbigay ng ganitong impormasyon kung ayaw mo. Kung hindi ka komportableng isiwalat ang iyong HIV status, may karapatan kang huwag sagutin ang mga tanong ng iyong doktor. Hindi maaaring gamitin laban sa iyo ang pagsisinungaling sa isang propesyonal sa kalusugan tungkol sa iyong status na positibo sa HIV.

### 5. Kapag isiniwalat ko ang aking HIV status sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, ire-record ba ito?

Ang mga propesyonal sa kalusugan ay may mga propesyonal na obligasyon ukol sa pagtatala. Kailangan nilang magpanatili ng record ng mga pagpapatingin ng pasyente, medikal na kalagayan at paggagamot. Samakatuwid, baka hindi mo mapigil ang isang doktor na ilagay ang impormasyon sa kalusugan sa iyong medikal na record. Ngunit, kung ayaw mong maibahagi sa iba ang impormasyon, kabilang na sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong hilingin sa iyong doktor na huwag ibahagi ang iyong impormasyon sa iba, o itago ang impormasyon sa kanilang system. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang **"Pagkapribado at mga record sa kalusugan"** sa seryeng ito.)

### 6. Maaari ba akong tanungin ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ng mga tanong tungkol sa aking HIV status kahit na wala itong kaugnayan sa pangangalaga sa akin?

Bilang pangkalahatang prinsipyo, dapat ka lang tanungin ng mga propesyonal sa pangangalangang pangkalusugan ng mga tanong na may-kaugnayan sa kung bakit hinihingi ang ganitong impormasyon. Ang ibig sabihin nito ay hindi ka nila dapat tanungin ng tungkol sa iyong HIV status para sa pag-aalaga sa iyo kung hindi nila kailangan ang nasabing impormasyon upang suriin o gamutin ka.

Kung hindi mo nauunawaan kung bakit tinatanong ka ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong status, may-karapatan kang tanungin

kung bakit mahalaga ang ganitong tanong sa pag-aalaga sa iyo. Kung napakahirap para sa iyo ang makipag-usap ng ganito, o kung sa tingin mo ay hindi mo pinagtitiwalaan ang iyong doktor, maaaring gustuhin mong humanap ng ibang propesyonal kapag kinakailangan.

### 7. Maaari bang isiwalat ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang aking HIV status sa iba nang walang direktang pahintulot ko?

Sa karaniwan, hindi na kakailanganin ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang iyong pahintulot (ibig sabihin, ipinahayag nang nakasulat man o sa pananalita) upang isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan dahil sa layuning pagbibigay o pagtulong sa pagbibigay ng pangangalaga. Ang nakagawiang ito ay tinatawag na pagbabahagi ng impormasyon sa "circle of care." Sa maraming probinsya, ang iyong pahintulot ay ituturing bilang ipinahiwatig sa ganitong sitwasyon, ibig sabihin, hindi ka na hihingan ng pahintulot.

Batay sa nakagawian, ang ibig sabihin nito ay maliban kung sabihin mo sa propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang taliwas dito:

- Maaaring ibahagi ng doktor ng pamilya na magre-refer sa iyo sa isang espesyalista ang iyong impormasyon sa kalusugan sa espesyalistang iyon.
- Maaaring ibahagi ng isang ospital ang impormsyong tungkol sa iyong kalusugan sa doktor ng iyong pamilya.
- Kapag isiniwalat mo ang iyong status sa isang doktor sa emergency room, maaaring sabihin ng doktor na iyon sa ibang miyembro ng pangkat na nag-aalaga sa iyo na ikaw ay positibo sa HIV.
- Kung isisiwalat mo ang iyong HIV status sa isang staff ng ospital bilang bahagi ng pamamaraan ng pagtanggap, maaaring isiwalat ang iyong status dahil sa iyong pagbisita sa ospital. Ang impormasyon ay isasama sa iyong record, at maa-access ito ng staff na kalahok sa pag-aalaga sa iyo para sa layunin ng pag-aalaga sa iyo. (Ang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan ay dapat may patakarang nakatakda upang maprotektahan ang pagkapribado) Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano napoprotektahan ang iyong pagkapribado at kung sino ang may access sa iyong impormasyon sa anumang partikular na pasilidad ng pangangalgang pangkalusugan, huwag mag-atubiling tumawag o sumulat sa kanila at magtanong tungkol sa kanilang mga patakaran.)

Tandaan na ang impormasyong ibinahaga sa "circle of care" na ito ay dapat limitado sa kung ano ang *kinakailangan para sa partikular na layunin ng pagsisiwalat*, ibig sabihin, paghahatid o pagtulong sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan. Panghuli, dapat ay alam mo na maaari mong mapigilan ang isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na sabihin ang iyong status sa iba, kabilang na sa isang pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng isang ospital, kung direkta mong sinabi na ayaw

mong isiwalat ang impormasyon. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang "Pagkapribado at mga talang pangkalusugan" sa seryeng ito.)

**Proteksyon ng personal na impormasyon sa kalusugan sa Canada**
Siyam na probinsya (Ontario, Alberta, Nova Scotia, Newfoundland and Labrador, New Brunswick, Saskatchewan, Manitoba, B.C. at Quebec) ang may mga ispesipikong batas na nagpoprotekta sa impormasyon sa kalusugan. Nagpapataw ang mga batas na ito ng mga obligasyon sa mga propesyonal sa pangangalaga (hal., mga dentista, nurse, doktor, surgeon, pharmacist, at staff ng ospital) upang protektahan ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan. Ang mga ito ay nagtatakda ng mga partikular na panuntunan at kondisyon na may-kinalaman sa pangongolekta, paggamit at pagsisiwalat ng personal na impormasyon sa kalusugan. Ang nasasakop lang ng mga batas sa B.C. at Quebec ay ang personal na impormasyon sa kalusugan na nakalagay sa ilang database.

Sa mga probinsya at teritoryo kung saan walang tiyak na batas na maiaangkop sa impormasyon sa kalusugan, ang pagkapribado ng iyong impormasyon sa kalusugan ay pinoprotektahan sa ilalim ng ibang batas sa pagkapribado na nangangasiwa sa mga pribado at pampublikong sektor sa probinsyal, teritoryal at pederal na antas.

Maliban sa mga batas sa pagkapribado, ang iyong karapatan sa pagkapribado sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay natutugunan sa mga patakaran sa pag-uugali, mga pamantayan at pamamaraang sumasaklaw sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Sa Quebec, kabilang rin sa naaangkop na legal na balangkas ang *Quebec Charter of Human Rights and Freedoms*, ang *Act Respecting Health Services and Social Services*, at ang *Professional Code*.

## 8. Ano ang maaari kong gawin kapag nakaranas ako ng diskriminasyon?

Kung naniniwala ka na nakaranas ka ng diskriminasyon mula sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (hal., tumanggi ang iyong doktor na gamutin ka dahil ikaw ay positibo sa HIV), isulat ang nangyari upang makapagtago ka ng tala ng siwasyon. Minsan, ang pakikipag-usap sa isang taong may kagagawan ng pandidiskrimina ay maaaring makalutas sa sitwasyon. Maaari mo ring subukang sabihin ang nangyari sa supervisor ng naturang tao, kung maaari.

Kung gusto mong magharap ng reklamo, maaari mong gawin ito sa organisasyong nangangasiwa sa propesyon ng partikular propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Ang ganitong mga organisasyon ay karaniwang tinatawag na "mga kolehiyo (colleges)" (hal., College of Physicians and Surgeons of Ontario). Maaari silang magpataw ng pagdidisiplina sa kanilang mga miyembro.

Ang isa pang opsyon ay ang magharap ng reklamo sa karapatang pantao sa naaangkop na komisyon sa karapatang-pantao o korte. Sa karamihan ng mga sitwasyon, ang probisyon ng pangangalagang pangkalusugan ay pinangangasiwaan ng probinsya o ng teritoryo. Samakatuwid, kung gusto mong magharap ng reklamo laban sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o pasilidad (hal., isang pamprobinsyang ospital),

kailangan mong makipag-ugnayan sa naangkop na pamprobinsya/panteritoryong komisyon o korte sa karapatang pantao. Kung ikaw ay makaranas ng diskriminasyon sa isang institusyong pinatatakbo ng gobyerno, kailangan mong makipag-ugnayan sa Canadian Human Rights Commission. Ang mga komisyon at korte sa karapatang-pantao ay nagbibigay ng impormasyon at serbisyo sa mga taong pinaniniwalaan nilang sumailalim sa diskriminasyon, kabilang na ang impormasyon tungkol sa ibang pamamaraan ng paglutas ng problema (gaya ng pamamagitan o mediation). Tandaan na karaniwan ay may "hangganan ng panahon," at ang ibig sabihin nito ay dapat mong i-file ang iyong reklamo sa loob ng isang partikular na panahon pagkatapos maganap ang diskriminasyon. Madalas, ang tagal ng panahon ay isang taon, ngunit alamin ito mula sa kaukulang komisyon o korte.

Maaari ka ring suportahan ng iyong lokal na organisasyong naghahatid-serbisyo sa AIDS kapag nakaranas ka ng diskriminasyon. Ngunit, kung kailangan mo ng legal na pagpapayo tungkol sa iyong partikular na sitwasyon, kailangan mong makipag-ugnayan sa isang abogado.

## Para sa karagdagang impormasyon

CATIE, *Managing your health: a guide for people living with HIV — Your healthcare team.* On-line: http://www.catie.ca/en/practical-guides/managing-your-health/3

British Columbia Civil Liberties Association, *Privacy Handbook.* On-line: http://bccla.org/privacy-handbook

Ang mga pamprobinsya/panteritoryong website ng gobyerno ay nagbibigay ng impormasyon, mga dokumento sa Q&A at mga polyeto tungkol sa mga batas na pumoprotekta sa impormasyon sa kalusugan. Tingnan, halimbawa ang, *Saskatchewan Health Information Protection Act* (http://www.health.gov.sk.ca/hipa), o ang *Ontario Health Information Protection Act* (www.health.gov.on.ca > Batas).

Malaki ang aming pasasalamat kina Micheal Vonn (BCCLA), Liz Lacharpagne (COCQ-SIDA), Renée Lang (HALCO) at Maude Perras (isang abogadong nasa private practice), para sa pagsusuri at pagbibigay ng impormasyon sa polyetong ito.

**Ang impormasyong nasa publikasyong ito ay impormasyong tungkol sa batas, ngunit ito ay hindi legal na pagpapayo. Para sa legal na pagpapayo, mangyaring makipag-ugnay sa isang abogado sa iyong rehiyon.**

Ang dokumentong ito ay nagsimula bilang isa sa serye ng walong polyeto (sa English at French), ukol sa mga karapatan ng mga taong may HIV sa Canada.

Ang mga kopya ng dokumentong ito ay makukuha sa website ng Canadian HIV/AIDS Legal Network sa www.aidslaw.ca. Hinihikayat ang paggawa ng mga kopya, ngunit hindi maaaring ibenta ang mga kopya, at dapat banggitin ang Canadian HIV/AIDS Legal

Network bilang pinagmulan ng impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Legal Network sa info@aidslaw.ca.

**Ang pondo upang mailimbag ang mga naunang bersyon ng dokumentong ito sa English at French ay nagmula sa Public Health Agency of Canada. Ang pondo para sa pagsasalin nito ay ibinigay ng Ontario Ministry of Citizenship and Immigration. Ang mga opinyong naipahayag ay mula sa mga may-akda/tagasaliksik at hindi nangangahulugan na ito ay mga pananaw o patakaran ng mga nagbibigay ng pondo.**

© Canadian HIV/AIDS Legal Network, 2013